


Arts

Unang Markahan – Modyul 7: Pagpapakita ng Iba't Ibang Tekstura at Hugis sa Pagguhit



Arts – Ikatlong Baitang

Alternative Delivery Mode

**Unang Markahan – Modyul 7: Pagpapakita ng Iba't Ibang Tekstura
at Hugis sa Pagguhit**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Miriam M. Bajao

Editor: Marivic O. Arro, Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan, Lynneth Baptista,
May H. Zarate, Rolibeth M. Labadia

Tagasuri: Aiden L. Nuesca, Angelica M. Mendoza, Iris Kristine A. Mejos, Girlie U. Sale
Rolibeth M. Labadia, Marlou B. Tamayo

Tagaguhit: Milky D. Almorato

Tagalapat: Alona Ambasan, Christopher U. Gonzales

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 7:
Pagpapakita ng Iba't Ibang
Tekstura at Hugis sa Pagguhit

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para sa iyo upang matugunan ang iyong pangangailangan at malinang ang iyong kakayahan sa Arts lalong-lalo na sa pagggawa ng **sketch**.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:






1. Natutukoy ang hugis at tekstura ng iba't ibang mga bagay;
2. Nakagagawa ng sketch ng mga bagay na makikita sa paligid na may iba't ibang tekstura at hugis gamit ang lapis, bolpen, o itim na krayola (**A3PR-Ig**); at
3. Naipapahayag ang angkop na damdamin sa mga nagawang likhang sining.









Subukin

Sa bahaging ito, titingnan kung naaalala mo pa ba ang mga uri ng hugis. Narito ang maikling pagsubok na inihanda para sa iyo.

Direksiyon: Itambal ang mga larawan sa Hanay A sa mga hugis na nasa Hanay B. Isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong sagutang papel.

- A
1. 
 2. 
 3. 
 4. 
 5. 

- B
- a. 
 - b. 
 - c. 
 - d. 
 - e. 
 - f. 

Aralin

1

Pagpapakita ng Iba't Ibang Tekstura at Hugis sa Pagguhit

Ang pagguhit ay isang uri ng biswal na sining. Ito ay isang pamamaraan kung saan naipapakita o naipapalabas ng tao ang kanyang saloobin o damdamin.

Sa pagguhit, unang nilikha ang linya upang makabuo ng porma at ito ay mas magiging ekspresibo o makahulugan kung may tekstura at hugis.



Balikan

Bago tayo pupunta sa ating bagong aralin, balikan muna natin ang nakaraang leksiyon. Narito ang maikling pagsubok.

Direksiyon: Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- A. Ano ang dalawang uri ng linya?
 - 1.
 - 2.
- B. Ano-ano ang mga tuwid na linya?
 - 3.
 - 4.
 - 5.
 - 6.

C. Ano-ano ang mga linyang pakurba?

7.


8.

9.

D. 10. Anong elemento ng sining na nagmula sa tuldok at ginagamit sa paglikha ng disenyo?



Tuklasin



Sketch

Ang **sketching** ay pinakamadali at simpleng paraan sa pagguhit ng saloobin o ideya. Ginagamitan ito ng mga linya at mga hugis para makabuo ng sketch. Maliban sa mga linya at mga hugis, magagamit rin ang mga tekstura sa paggawa ng sketch.

Ang tekstura ay isa ring elemento ng sining. Ito'y maaaring magaspang, makinis, malambot o matigas.

Tingnan mo ulit ang larawan sa itaas at sagutin ang sumusunod na tanong.


- Ano ang hugis ng nasa larawan?
- Ano naman ang tekstura nito? Ito ba ay makinis o magaspang? Malambot o matigas?



Suriin

Pagmasdan nang mabuti ang mga sketch sa susunod na pahina. Iba-iba ang hugis at tekstura ng bawat larawan.


- Ano ang iyong napansin sa hugis at tekstura ng bato, apa, unan?
- Ang mga larawan ba ay nagpapakita ng iba't ibang tekstura at hugis?




bato



apa



unan



Pagyamanin

Gumawa ng sketch ng isang halaman na makikita malapit sa inyong bahay na nagpapakita ng iba't ibang tekstura at hugis gamit ang lapis, itim na krayola o bolpen.

Sagutin ang sumusunod na tanong.

- Ano-anong hugis ang makikita sa iyong sketch?
- Paano mo ilalarawan ang uri ng tekstura sa halaman na iyong iginuhit?
- Ano ang iyong naramdaman ng makita ang iyong sketch?



Isaisip

Ang sketching ay isang di-kompleto na sining na kadalasan ay kulang ng kulay at detalye. Ito ay ginagamit na giya o gabay ng mga pintor sa paggawa ng kanilang mga obra maestro o likhang-sining. Kailangan sa sketching ang mga hugis at tekstura upang ito ay mabuo na gamit ang lapis, itim na krayola o bolpen.



Isagawa

Maghanap ng dalawang bagay na makikita sa loob ng inyong bahay at isulat ang kanilang tekstura at hugis. Pumili ng isa na iyong gustong gawan ng sketch.

Sumulat ng isa o dalawang pangungusap kung bakit ito ang napili mo. Sabihin ang kahalagahan nito sa iyo. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Bagay	Tekstura	Hugis



Tayahin


Panuto: Gumuhit ng isang disenyo gamit ang mga uri ng linya. Bigyan ng puntos ang iyong likhang sining base sa rubrik sa susunod na pahina. Isulat ang 3 kung ito ay Napakahusay, 2 kung Mahusay o 1 kung Kailangang Paunlarin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik	3 Pinakama- husay	2 Mahusay	1 Hindi Mahusay
1. Naiguhit ang isang halimbawa ng likas na yaman na nagpapakita ng hugis at tekstura na makikita sa labas ng inyong bahay.			
2. Nakagawa ng isang sketch na bagay na gusto bago sa huling dibuho.			
3. Klaro ang tekstura at hugis na iginuhit.			
4. Naipahayag ang damdamin pagkatapos ng likhang-sining.			



Karagdagang Gawain

Gumawa ng sketch ng isang bagay na makikita sa inyong bahay na may iba't ibang tekstura at hugis. Gawin ito sa papel.



Batay sa bagay na iyong iginuhit, sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-anong hugis ang makikita sa iyong sketch?
2. Paano mo ilalarawan ang uri ng tekstura sa bagay na iyong iginuhit?
3. Bakit mo napiling iginuhit ang bagay na iyan? Ano ang kahalagahan nito sa iyo?
4. Ano ang iyong naramdaman ng makita ang iyong sketch?



Susi sa Pagwawasto

Balikin

A. 1. tuwid
2. pakurba
B. 3. pahiga
4. patayo
5. pahilis
6. pasigsag
C. 7. pababantok
8. patkid
9. padun-don
D. 10. linya

Subukin

1. b
2. c
3. d
4. f
5. a

Sanggunian

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ., Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ., Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph